

Pahina ng Katotohanan sa Overtime Para sa mga Individual Provider

Inilaan ang pahina ng katotohanan na ito upang makatulong sa mga Individual Provider na maunawaan ang mga patakaran tungkol sa limitasyon sa linggo ng trabaho at overtime. Mangyaring makipag-ugnay sa tagapangasiwa ng kaso ng kliyente o bumisita sa www.dshs.wa.gov/altsa/IPOT para sa karagdagang impormasyon.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON SA OVERTIME

1. Ano ang isang 'linggo ng trabaho'?

Nagsisimula ang linggo ng trabaho sa Linggo sa 12:00 am (hatinggabi) at nagtatapos sa susunod na Sabado sa 11:59 pm

2. Ano ang Limitasyon sa Linggo ng Trabaho (Work Week Limit, WWL)?

Ang WWL ay ang kabuuang bilang ng serbisyong oras na maaari kang magtrabaho sa isang linggo ng trabaho. Nagtakda ng limitasyon ang 2016 batas ng estado ng Washington sa bilang ng oras na maaaring gumana ang isang Indibidwal Provider (IP) sa isang linggo ng trabaho. Ang lahat ng mga IP ay may work week limit (WWL). Maaari ka lamang magtrabaho hanggang sa iyong WWL kapag ang mga oras na iyon ay nakatakda sa iyo sa pamamagitan ng isa o higit pang mga kliyente at ang kliyente kung saan ka nagtatrabaho ay karapat-dapat na tumanggap ng mga oras. Hindi maaaring magtalaga ang kliyente ng higit pa sa tinasa na buwanang oras sa kanilang Plano ng Pangangalaga. Tutulong ang mga WWL na kontrolin ang gastos sa overtime upang matiyak na nananatiling magagamit ang pagpopondo para sa mga serbisyo ng lahat ng mga taong kailangan ang mga ito.

3. Paano tukuyin ng DSHS ang aking permanenteng WWL at paano ko malalaman ang aking permanenteng WWL?

Isang batas ng estado ang naipasa noong Abril 2016. Itinatag ng batas na ito ang 40 oras na WWL para sa lahat ng mga IP maliban sa mga nagtrabaho ng katampatan ng higit sa 40 na oras ng serbisyo sa bawat linggo noong Enero 2016. Ang WWL na lampas sa 40 oras ay tinukoy sa pamamagitan ng paghahati sa bayad na oras ng serbisyo ng IP noong Enero 2016 ng 4.33 at ni-roundoff sa pinakamalapit na sangkapat na oras. Noong Mayo 2016, ipinadala ng DSHS sa mga IP na nagtrabaho sa Enero 2016 ang paunawa sa impormasyon ng kanilang WWL. Walang permanenteng WWL ang maaaring lumampas ng higit sa 65 na oras. Kung magsisimula kang magtrabaho bilang IP pagkatapos ng Enero 2016, ang iyong WWL ay 40 na oras.

4. Paano kung sa tingin ko ay mali ang pagtukoy sa aking permanenteng WWL?

Kung sa tingin mo ay natukoy nang mali ang iyong WWL, maaari kang magsumite ng kahilingan sa tagapangasiwa ng kaso ng kliyente at susuriin muli ng DSHS ang iyong oras ayon sa Washington Administrative Code 388-114-0050.

5. May pagkakataon ba na mabago ang aking permanenteng WWL?

Kung ang iyong permanenteng WWL ay nasa pagitan ng 60.25 at 65 na oras, bababa ng 60 oras sa Hulyo 1, 2017 maliban kung may pagbabago sa batas. Kung hindi man, ang iyong permanenteng WWL ay hindi magbabago hangga't mananatili kang kwalipikado bilang IP. Mananatili ring pareho ang iyong WWL kung mayroon kang pahinga sa serbisyo at bumalik bilang IP sa hinaharap.

6. Anong mga serbisyo ang kasama sa mga oras ng serbisyo sa aking WWL?

- Pansariling Pag-aalaga
- Pangrilyebong Pangangalaga
- Pagsasanay para Makakuha ng mga Kasanayan
- Respite na Pag-aalaga

7. Magagamit ba ang aking WWL sa oras ng paglalakbay, kinakailangang pagsasanay ng DSHS, o bayad na oras ng pahinga (paid time off, PTO)

Hindi. Ang oras ng paglalakbay, kinakailangang pagsasanay ng DSHS, at PTO ay hindi kasama sa iyong WWL. Nangangahulugan na maaari kang magtrabaho ng mga gawain hanggang sa iyong WWL para sa kliyente kung kinakailangan, kahit na sa mga linggo na ikaw rin ay kinakailangan sa pagsasanay, inaprubahan na oras ng paglalakbay, o kumuha ng PTO.

Pahina ng Katotohanan sa Overtime Para sa mga Individual Provider

BAYAD NG OVERTIME (OT)

8. Paano kinakalkula ang aking bayad na OT?

Babayaran ka ng iyong regular na sahod para sa lahat ng oras na nagtrabaho ka hanggang sa 40 oras sa linggo ng trabaho. Para sa lahat ng oras na nagtrabaho ka sa lampas ng 40 oras, babayaran ka sa 1.5 beses ng iyong karaniwan na sahod.

Babayaran ng sistemang IPhone na pagbabayad ang buong halaga ng oras na nagtrabaho ka sa linggo ng trabaho sa iyong karaniwan na sahod (tinukoy bilang "buo na bayad"). Ipinapakita nito ang OT bilang karagdagang $\frac{1}{2}$ na bayad para sa mga OT na oras. Yaong mga kabuuan ay pinagsama-sama para sa kabuoang sahod.

Halimbawa:

Nagtrabaho ka ng 45 na oras sa isang linggo ng trabaho at ang iyong karaniwang bayad ay \$ 12/oras.

Ang iyong bayad ay magiging:

$45 \text{ oras} \times \$ 12 \text{ isang oras (buo na bayad)} = \$ 540$

$+ 5 \text{ oras ng overtime} \times \$ 6 \text{ (kalahating bayad)} = \$ 30$

Kabuuan $\$540 + \$30 = \$570$

Ang OT ay ipinapakita sa Buod ng Paglalarawan ng Pagbabayad at inisa-isa sa Seksyon ng Kinita. Sa halimbawa na ito ang Seksyon ng Kinita ay nagpapakita ng 45 oras ng pangangalaga at 5 oras ng OT.

9. Mababayaran ba ako ng OT para sa oras ng paglalakbay, kinakailangang pagsasanay ng DSHS, o paid time off (PTO)?

Ikaw ay babayaran ng OT para sa oras ng paglalakbay at kinakailangang pagsasanay ng DSHS kung ang kabuuang oras na nagtrabaho ka sa isang linggo ng trabaho ay lampas sa 40. Ang mga oras ng PTO ay hindi itinuturing na mga oras na nagtrabaho, kaya kailanman ay hindi karapat-dapat para sa OT na pagbabayad.

IMPORMASYON PARA SA MGA IP NA MAY 40 ORAS NA PERMANENTENG WWL

10. Maaari ba akong magtrabaho ng lampas sa 40 oras sa linggo ng trabaho?

Hindi ka maaaring gumana nang lampas sa 40 oras na serbisyo maliban kung nakatanggap ka ng tiyak na pag-apruba ng kliyente mula sa DSHS na pansamantalang magtrabaho ng lampas sa 40 oras.

11. Maaari ba akong magtrabaho ng lampas sa aking permanenteng WWL kung nagtatrabaho ako para sa maramihang mga kliyente?

Kailangan mong pamahalaan ang lahat ng oras ng serbisyo sa kliyente sa loob ng iyong permanenteng WWL, hindi alintana kung gaano karaming kliyente ka magtrabaho. Kung nagtatrabaho ka para sa higit sa isang kliyente, kailangan mong iiskedyul ang iyong oras sa bawat isa sa kanila upang matiyak na, kapag pinagsama-sama mo lahat ng iyong mga oras ng serbisyo, hindi ka nagtrabaho ng lampas sa permanenteng WWL mo.

12. Ano ang dapat kong gawin kung ang kliyente kung saan ako nagtatrabaho ay nais akong i-iskedyul na gumana nang mas maraming oras kaysa mayroon ako na magagamit sa permanenteng WWL ko?

- Ipaliwanag na hindi ka pinapayagan na magtrabaho nang lampas sa iyong WWL at na ang paggawa nito ay maaaring isinasalang-alang na labis na pag-claim. Tingnan ang #19 para sa karagdagang impormasyon sa labis na pag-claim
- Huwag tumanggap ng takdang-gawain na magiging sanhi sa iyong gumana nang lampas sa WWL mo.
- Hikayatin ang kliyente na gumamit ng karagdagang provider.
- Hikayatin ang kliyente na makipag-ugnay sa kanyang tagapangasiwa kung hindi maintindihan ng kliyente ang iyong limitasyon o hindi makahanap ng karagdagang provider.
- Mangyaring tingnan ang #18 sa pahina 3 para sa karagdagang impormasyon sa mga lumilitaw at agarang pangangailangan.

Pahina ng Katotohanan sa Overtime Para sa mga Individual Provider

IMPORMASYON PARA SA MGA IP NA MAY PERMANENTENG WWL NA 40.25 ORAS O HIGIT PA

13. Maaari ba akong magtrabaho ng lampas sa 40 oras sa linggo ng trabaho?

Kung nakatanggap ka ng nakasulat na abiso mula sa DSHS na ang permanente mong WWL ay mas mataas kaysa 40 o kung ikaw ay nagkaroon ng pansamantalang tiyak na pagtaas sa WWL ng kliyente na naaprubahan, maaari kang magtrabaho hanggang sa bilang ng mga oras sa iyong paunawa.

14. Ano ang dapat kong gawin kung nagtatrabaho ako para sa higit na isang kliyente?

Mangyaring tingnan ang sagot sa tanong #11.

15. Paano kung nais ng kliyente kung saan ako nagtatrabaho na baguhin ko ang oras ng aking pagtatrabaho upang gumana ako ng lampas sa permanenteng WWL ko sa isang linggo?

Maaari mong baguhin ang iyong mga oras kung totoo ang lahat ng sumusunod:

- May pangangailangan ang kliyente; at
- Ang paggana sa karagdagang mga oras ay hindi lalagpas sa buwanang tinasa na oras ng kliyente; at
- Ang paggana ng higit sa isang linggo ay hindi magresulta sa pagkawala ng mahahalagang pag-aalaga ng kliyente sa iba pang mga linggo ng buwan; at
- Ang paggana ng higit sa isang linggo ay hindi magiging dahilan sa iyo na gumana ng higit na overtime sa buwan kaysa kung ikaw ay nagtrabaho hanggang sa iyong WWL sa bawat linggo ng buwan na iyon.

Kapag ang iyong WWL ay higit sa 40, maaari mong baguhin ang iyong oras kung kinakailangan hangga't hindi ka gumana ng higit na overtime sa isang buwan kaysa karaniwan mong paggana. Ang halaga ng buwanang oras ng overtime ay kinalkula sa pamamagitan ng pagbabawas ng 40 oras mula sa iyong WWL at pag-multiply ng natitira sa bilang ng Sabado sa buwang iyon.

Halimbawa:

Ang WWL ni Jose ay 46 na oras. Ang halaga ng buwanang overtime na maaaring gumana si Jose ay depende sa bilang ng Sabado sa buwan na nagtatrabaho siya.

Pagkalkula 5 Sabado: $46 - 40 = 6 \times 5 = 30$

Pagkalkula 4 Sabado: $46 - 40 = 6 \times 4 = 24$

Ang kliyente kung saan nagtatrabaho si Jose ay kinakailangan siyang magtrabaho sa pabago-bagong iskedyl sa buong buwan, na magagawa ni Jose hangga't hindi siya gumagana ng higit sa 30 oras ng overtime sa mga buwan na may 5 na Sabado, o 24 oras ng overtime sa mga buwan na may 4 na Sabado.

Maaari mo ring baguhin ang iyong mga oras na magtrabaho nang higit sa iyong WWL kung ang kliyente kung saan ka nagtatrabaho ay bumibili ng dagdag na oras ng overtime sa kanilang Bagong Kalayaan o mga badyet ng mga Serbisyong Pangangalaga na Dinidirekta ng Beterano.

16. Ano ang dapat kong gawin kung ang kliyente kung saan ako nagtatrabaho ay nais akong i-iskedyul na gumana nang lampas sa kabuoang oras ng buwanang overtime na mayroon akong magagamit sa aking permanenteng WWL?

Mangyaring tingnan ang sagot sa tanong #12.

PANSAMANTALANG TIYAK NA LIMITASYON SA LINGGO NG TRABAHO NG KLIYENTE (CLIENT SPECIFIC WORK WEEK LIMIT, CSWWL)

17. Ano ang pansamantalang CSWWL?

Maaaring humiling sa DSHS ang kliyente kung saan ka nagtatrabaho na pansamantalang taasan ang iyong WWL habang siya ay naghahanap ng karagdagang mga provider upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Tutugon sa'yo ang DSHS sa pamamagitan ng koreo na may nakasulat na pag-apruba o pagtanggap. Kung naaprubahan, sasabihin din sa'yo ng paunawa ang petsang magsisimula ang pag-apruba at pagtatapos at ang bilang ng naaprubahang oras. Makakatanggap din ng kopya ang kliyente kung saan ka nagtatrabaho. Ang kahilingan/sinulat na abiso na ito ay kilala rin bilang kahilingan na CSWWL. Hindi aprubahan ng DSHS ang pansamantalang WWL na lumampas sa tinasang buwanang oras ng kliyente.

Pahina ng Katotohanan sa Overtime Para sa mga Individual Provider

LUMITAW NA MGA PANGANGAILANGAN

18. Ano ang dapat kong gawin kung naitrabaho ko na lahat ng oras sa aking WWL ngunit may lumitaw at agarang pangangailangan ng kliyente at kailangan kong magpatuloy na magtrabaho upang suportahan ang kalusugan o kaligtasan ng kliyente?

- Manatili sa kliyente hanggang ligtas at matatag ang sitwasyon.
- Kung may emerhensya na nangangailangan ng emerhensiyang medikal na serbisyo, tawagan ang 9-1-1.
- Tapusin ang iyong araw ng trabaho sa lalong madali at ligtas na gawin ito.
- Kontakin ang tagapangasiwa ng kaso sa susunod na araw ng negosyo upang ipaliwanag ang sitwasyon.

LABIS NA PAG-CLAIM

19. Ano ang labis na pag-claim?

Mangyayari ang labis na pag-claim kapag:

- Gumana ka ng mas maraming oras na serbisyo sa isang buwan kaysa awtorisado kang ibigay; o
- Gumana ka ng mga oras sa lampas ng inyong WWL na hindi inaprubahan ng DSHS; o
- Mag-claim ka ng mas maraming oras sa paglalakbay kaysa awtorisado kang ibigay sa isang linggo ng trabaho.

20. Ano ang isang Aksyon sa Kontrata?

Ang aksyon sa kontrata ay isang abiso na ipinadala sa iyo ng DSHS. Ang paunawa ay nagsasabi sa iyo na nagtrabaho ka ng mas maraming oras na serbisyon overtime o oras ng paglalakbay kaysa naaprubahang paggana mo.

21. Ano ang mangyayari kung magtatrabaho ako sa lampas ng aking WWL o limitasyon sa panahon ng paglalakbay?

- Sa bawat oras na sumobra ka sa pag-claim, makakatanggap ka ng nakasulat na abiso ng aksyon sa kontrata at impormasyon mula sa DSHS na nagpapaalala sa iyo ng kahalagahan ng hindi paggana sa hindi inaprubahang overtime. Ipadadala rin ang paunawasa sa (mga)kliyente na pinaglilingkuran mo at ng kanilang mga kinatawan.
- Sa ikatlong pagkakataon ng labis na pag-claim, maaaring wakasan ang iyong kontrata o maaaring hindi ka karapat-dapat tumanggap ng kabayaran sa 90 araw. Kung tinapos ang iyong kontrata kailangan mong maghintay ng 90 araw bago ka maging karapat-dapat na magkaroon ng isang bagong kontrata.
- Kung makabuluhang o paulit-ulit kang lumagpas sa iyong linggo ng trabaho o mga limitasyon sa oras ng paglalakbay, maaaring tapusin ng DSHS ang iyong kontrata ng default at tanggihan ang muling pakikipagkontrata sa iyo.

22. Gaano katagal manatili sa aking file ng kontrata ang aksyon ng kontrata?

Ang bawat aksyon ng kontrata ay mananatiling bukas ng 12 buwan mula sa petsa ng paunawa ng aksyon ng kontrata. Pagkatapos ng 12 buwan, ang aksyon ng kontrata ay sarado.

23. Paano ko maiwasan ang mga aksyon ng kontrata?

- Laging planuhin ang iyong iskedyul ng trabaho nang maaga at isulat ito.
- Kung nangangailangan ang kliyente ng pagbabago at kailangan kang gumana ng ibang iskedyul na makakaapekto sa iyong WWL, makipag-ugnay kaagad sa tagapangasiwa ng kaso ng kliyente.
- I-record ang oras ng iyong trabaho sa iyong timesheet pagkatapos ng bawat araw na nagtrabaho ka, maaari ding makatulong kung i-record ito sa kalendaryong papel. Suriin nang madalas upang siguraduhin na nananatili ka sa iyong WWL.
- May mga mapagkukunan ang DSHS na magagamit upang makatulong sa iyo at sa iyong employer/kliyente na malaman ang higit pa tungkol sa pangangasiwa ng iyong iskedyul upang manatili sa loob ng iyong WWL. Ang mga mapagkukunang ito ay magagamit sa www.dshs.wa.gov/altsa/IPOT.